The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church

Vol. 10 • Issue No. 52 • December 25, 2022 Php 15.00



# Merry Christmas
## FROM YOUR UCF FAMILY!

*For unto us a Child is born, unto us a Son is given and the government will be upon His shoulder. And His name will be called Wonderful, Counselor, Mighty God, Everlasting Father, Prince of Peace.*

Isaiah 9:6 (NKJV)



UCF CHRISTMAS CELEBRATION

# Pasko ng pamilya ng Diyos

Pagsariwa sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng buhay ng ating Diyos at Tagapagligtas na si Hesu Kristo ang tunay na diwa ng Kapaskuhan. Sa panahong ito, ating alalahanin ang Panginoong Hesus na regalo sa atin ng Diyos Ama upang tayo ay maligtas at makakilala sa Kaniya.

Bilang pagdiriwang ng buhay at katapatan ng Panginoon, ang panambahan ng UCF ay masayang nagsagawa ng *Christmas Celebration* kasama ang bawat pamilya ng mga manggagawa nito at mga miyembro ng *Home Bible Church* (HBC) noong Disyembre 18, Linggo, sa UCF *Sanctuary*. Napuno ng kagalakan at pasasalamat ang buong panambahan dahil sa pagkakaisa at pagsasama-sama ng mga dumalo. Nag-uumapaw na saya mula sa lahat ang nasilayan dahil sa mga presentasiyon, *raffle*, salo-salo at mga mensahe ng Panginoon hatid ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy.

Hindi rin nawala ang pagpupuri at pagsamba sa Diyos para sa Kaniyang paggabay at pagpapala sa buong taon. Magpapatuloy ang UCF sa misyon nito na abutin ng Salita ng Diyos ang mga nawawala Niyang tupa. Purihin ang Diyos sa mga programang ito.

## Pagpupuri

Pinangunahan ng *Praise and Worship Team* ang pagbibigay papuri sa Panginoon bilang pasimula ng pagdiriwang ng Pasko kasama ang kongregasyon ng UCF. Tanging ang Diyos lamang ang nararapat ang papurihan higit lalo sa panahon ng Kapaskuhan.







*Papuri at pasasalamat ang nararapat sa Diyos dahil sa wagas Niyang pagmamahal sa sangkatauhan na Kaniyang ipinakita sa pamamagitan ni Hesus.*

> *Na-bless ako ngayong Christmas Celebration dahil nakumpleto kaming tatlong magkakapatid at sama-sama kaming nag-praise sa Lord.*
>
> 
>
> **Mariel Anne Liban**
> HBC Member (Valley 5)









## Mensahe ng Diyos

Bago ang selebrasyon ay ibinahagi ni Rev. Dr. William Sy ang pinakadiwa ng Pasko—ang Panginoong Hesu Kristo na Siyang daan upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

**PSALM 95:1-3 (NKJV)**

**1 Oh come, let us sing to the Lord! Let us shout joyfully to the Rock of our salvation. 2 Let us come before His presence with thanksgiving; Let us shout joyfully to Him with psalms. 3 For the Lord is the great God, And the great King above all gods.**

## Presentasiyon

Mula sa kasuotan hanggang sa praps, naghanda ng mga nakakaaliw na presentasiyon ang bawat HBC pati na rin ang ibang miyembro ng bawat ministeryo ng UCF na umantig sa puso ng mga nagsipagdalo at higit lalo sa puso ng ating Panginoon. Sa pamamagitan ng pagkanta, pagsayaw at pagsasadula, naipahayag ng bawat HBC ang tunay na kahulugan ng Pasko—ang kapanganakan ng Diyos at Tagapagligtas na si Hesu Kristo.


AREA 7


SUNRISE DRIVE


MASVILLE


AREA 2


AREA 4 & AREA 7


AREA 1


VALLEY 5


AREA 6


CAVITE & TAGUIG


MANDALUYONG


UCF MINISTRIES

*Isang pamilyang naghanda ang bawat HBC at ministry department para sa espesyal na araw ng Kapaskuhan. Kinagiliwan naman ng mga nagsipagdalo ang kanilang mga presentasiyon.*

> *Na-bless ako dahil kahit first time ko rito, I felt God. I cried kasi my husband just passed away at kapag mayroon akong nakikita na masaya ay naaalala ko siya. Na-teary-eye ako kanina kasi naisip ko na ang saya naman dito.*


**Mercy Pasay**
Guest

## Salo-salo

Maliban sa mga masasayang pagtatanghal ay hindi rin mawawala sa pagdiriwang ang pagsasalo-salo. Matapos ang naging programa, naghanda rin ang UCF ng masarap na pananghalian para sa buong panambahan na nagsilbi ring *fellowship* ng lahat.





*Pami-pamilya ang nagsalo-salo sa masasarap na pagkain habang sinasariwa ang masasayang pangyayari sa naging programa.*

> *Na-bless kami ngayong araw dahil nakatulong sa amin ang mga napanuod namin na mga special number at nakasama ko ang aking pamangkin at aking mga anak.*


**Kate Christine Mission**
HBC Member (Sunrise Drive)



**PSALM 100:4-5 (NKJV)**

**4 Enter into His gates with thanksgiving, And into His courts with praise. Be thankful to Him, and bless His name. 5 For the Lord is good; His mercy is everlasting, And His truth endures to all generations.**

## Raffle

Ang mga nagsipagdalo ay nag-uwi rin ng iba't ibang *raffle prize* tulad ng mga *bag*, *rice cooker*, *vacuum flask*, *electric kettle* at *microwave oven*. May natanggap din silang *door prize*. Hindi lamang sa mga presentasiyon nagalak ang lahat bagkus maging sa mga regalong natanggap.






*Masayang umuwi ang lahat bitbit ang kanilang mga raffle prize at kagalakan kasama ang buong pamilya ng UCF. Dagdag ang mga ito sa masasayang alaala at karanasan ng pagmamahal sa isang pamilya na ang sentro ay ang ating Panginoong Hesus. Papuri sa Diyos!*

> *"Sobrang na-bless ako ngayon dahil masayang ipinagdiwang ang kaarawan ni Kristo at nakita ko rin sa mga kasamahan ko na sobrang na-bless ang bawat isa sa amin at kami ay napasaya ng UCF family."*
>
> 
>
> **Dennis Ventura**
> HBC MEMBER (MANDALUYONG)



## Awarding

Ang mga HBC *Group* ay masayang nakatanggap ng kanilang mga *special prize* matapos ang kanilang naging presentasiyon tulad ng pag-awit, pagsayaw at pag-arte. Sa Diyos ang karangalan para sa mga talentong ito.







*Tunay na walang kasing saya ang mag-alay ng papuri at pagsamba sa Diyos nang sama-sama bilang Kaniyang mga anak.*

## Photobooth

Upang mabalikan ang masayang pagdiriwang ng Pasko, ang mga dumalo ay nagpakuha ng litrato sa *photobooth* kasama ang kanilang mga mahal sa buhay.




*Ang mga larawang ito ay naka-upload rin sa Facebook page ng UCF. Kaniya-kaniyang anggulo ang lahat sa harap ng kamera kasama ang kanilang pamilya.*

**PSALM 107:21-22 (NKJV)**

**[21]Oh, that men would give thanks to the Lord for His goodness, And for His wonderful works to the children of men! [22]Let them sacrifice the sacrifices of thanksgiving, And declare His works with rejoicing.**



UCF CAGAYAN MISYON

# Pagbahagi ng pagmamahal ng Diyos

Isa sa mga pangitaing ibinigay ng Diyos sa ating punong pastor na si Rev. Dr. William Sy ang pag-abot ng Mabuting Balita sa iba't ibang dako ng mundo. Kaya naman iba't ibang mga pograma ang inilulunsad ng UCF upang ang panambahan ay magamit para sa mas malaking gawain ng Diyos.

Nitong Disyembre 19, Martes, ang ilan sa kapatiran ng UCF ay nagtungo sa Jesus the Rock Fellowship Center sa Claveria, Cagayan Valley upang magbahagi ng pagmamahal at pagpapala na mula sa Diyos. Bagaman walang tigil ang pag-ulan, hindi ito naging hadlang upang matuloy ang misyong ito. Ang 23 na mga pastor ng Claveria kasama ang kani-kanilang mga maybahay ay binahagian ng *keyboard* para sa kani-kanilang mga panambahan. Ang bagong instrumento ay malaking tulong para sa kanilang *praise and worship team*. Lubos ang pasasalamat ng mga pastor sa kanilang natanggap na pagpapala. At ang kanilang papuri at pagsamba ay kanilang ibinabalik sa Diyos na nagdala sa UCF sa kanilang lugar.

Tunay na nakakataba ng puso na makapagbahagi ng tulong sa ating kapatiran, higit lalo dahil ang kanilang taos-pusong pagsasalamat ay ibinabalik nila sa ating Diyos Ama. Purihin ang Panginoon sa matagumpay na gawaing ito!

## Preparasyon





*Bilang paghahanda sa ginanap na Misyon ay sama-sama na nagtulungan ang kapatiran upang makalikom ng pondo para sa munting tulong sa mga panambahan ng Cagayan Valley. Bago bumIyahe ay ipinanalangin din ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy ang mga delegadong kakatawan sa UCF.*

## Pagbibigay ng keyboard at Bibliya






*Malugod na ibinahagi ng UCF Misyon Team ang mga keyboard at Bibliya sa mga panambahan sa Cagayan Valley na taos-puso ring nagpasalamat sa mga pagpapalang kanilang natanggap na tunay na magagamit sa kanilang ministeryo.*

## Pagsasama-sama





*Nagkaroon din ng fellowship ang pamilya ng UCF kasama ang mga pastor at manggagawa ng iba't ibang panambahan sa Cagayan Valley.*

**DANIEL 2:23 (NKJV)**

**"I thank You and praise You, O God of my fathers; You have given me wisdom and might, And have now made known to me what we asked of You, For You have made known to us the king's demand."**

# Mga Testimonya

Narito ang ilang mga pastor mula sa mga panambahan ng Cagayan na nagbigay ng kanilang mga pasasalamat at papuri sa Diyos sa kanilang natanggap na pagpapala.

*Ako ay sobrang nagagalak at nagpapasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob ninyo sa amin. Tamang-tama dahil ang kabataan namin ngayon ay naghahanap ng kanilang magagamit para sila ay matutong tumugtog sa church. Maraming salamat. God Bless!*



**Ptr. Alex Baptista**
Bethel Central Church

*Ako ay nagagalak at ang puso ko ay sobrang saya sapagkat kahit sobrang layo ng aming lugar ay naabot ninyo kami at napaghandugan ng pagpapala. Kami ay lubos na nagpapasalamat.*



**Ptr. Isagani Agarpao**
Jesus Cares Ministry

*Unang-una, pinaparating ko ang pasasalamat sa ating Panginoon who is amazingly working to bless His servants. Iba talaga kapag Siya ang nagtrabaho para i-bless ang Kaniyang mga lingkod. Maraming salamat din sa UCF Team na naghatid sa amin ng biyayang ito upang gamitin namin sa pagmiministeryo sa aming mga church. Thank you very much and Merry Christmas!*



**Ptr. Richard Alonzo**
Church of Christ Disciples

*Salamat sa UCF sa napaka ganda niyong regalo sa amin. It's suprising kasi bibihira lang ang mga nakakaalala na magbigay ng mga ganyan na regalo sa church at sa mga small church na katulad namin. Napakalaking bagay na makatanggap ng instrument na magagamit namin dahil minsan kapag maliit ang church at kulang ang finances, mahirap makabili ng gamit, kaya maraming salamat sa inyo. God bless you more!*



**Ptra. Ria Agno**
The Wonderful Savior Christian Ministries International Inc.

*Thank you so much UCF at nagkaroon kami ng keyboard. Napakahalaga nito lalo na sa kabataan namin. Marami kaming kabataan na nagde-desire talaga na matutong mag-keyboard. Kaya malaking tulong ito sa church at sa mga bata na kailangan magkaroon ng kaalaman upang makatugtog para sa Panginoon. Iyon ang malaking bagay na nagawa ng UCF para sa aming church. Na-fulfill ang desire ng aming Youth at Dance Ministry. I just want to thank you, UCF. God bless you and more power to the whole team and the whole church.*



**Ptra. Teresa Faranas**
Jesus Christ, King of Glory

*Nagpapasalamat kami sa biyayang ibinigay ninyo sa amin. Actually, first time namin makatanggap ng ganito mula 1998 hanggang ngayon. Ngayon lang kami nakatanggap ng ganitong regalo.*



**Ptr. Daniel Agpaoa**
Builders of the Living God

*Hindi ko inaasahan na mayroong kapatiran na kagaya ng UCF na magbibigay sa amin ng regalo na organ para sa aming church. Kasi simula noong ako ay nagpastor noong 1976 hanggang ngayong 2022, more than 40 years na, ngayon lang ako nakatanggap ng ganitong regalo. Marami na akong pinanggalingan na organisasyon pero dito ko lang naramdaman na maski malayo kayo, hindi ko ine-expect na magbibigay kayo ng ganitong regalo para sa amin. Thank you very much! Sa loob ng 12 years na nandito ako sa Claveria, thank God dahil hindi tayo pinabayaan ni Lord, kung hindi lumalago pa ang trabaho natin dito at ngayon lang talaga kami nakatanggap ng ganitong regalo na napakahalaga sa aming church. UCF, brothers and sisters, especially to Rev. Dr. William Sy, maraming maraming salamat sa blessing na natanggap namin.*



**Ptr. Bernardo Garcia Jr.**
Alpha and Omega International Christian Ministry Inc.

*Maraming salamat sa UCF sa natanggap naming napakahalagang instrumento. Sa katunayan, ang bunso kong anak ay tuwang-tuwa talaga.*



**Ptr. Danny Villanueva**
Nehemiah's Touch Ministry

**PSALM 147:7-8 (NKJV)**

**7Sing to the Lord with thanksgiving; Sing praises on the harp to our God, 8Who covers the heavens with clouds, Who prepares rain for the earth, Who makes grass to grow on the mountains.**

# Pag-alala sa katapatan ng Panginoon

Sa loob ng maraming taon, walang tigil na ipinapamalas ng Panginoon ang Kaniyang katapatan sa panambahang Kaniyang tinawag. At sa nalalapit na pagtapos ng taon, isang espesyal na *audio-visual presentation* na binuo ng UCFTV ang sasahimpapawid upang balik-tanawin ang katapatan ng Panginoon sa taong 2022.

Kasama ang buong *Multimedia Department* at mga miyembro at manggagawa ng UCF, kasalukuyang binubuo ang isang pinakahihintay na palabas na sasalamin sa malaking pagkilos ng Panginoon ngayong taon—ang Balik Tanaw 2022. Ito ay ang taunang programa kung saan babalikan at aalalahanin ang bawat aktibidad ng panambahan simula Enero hanggang Disyembre—isang patotoo na ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mas dakila pa ngayon kaysa noon sa panambahang Kaniyang tinawag. Sa pagkilos at paggabay ng Banal na Espiritu, mas marami pa ang nakakilala sa Kaniya sa pamamagitan ng samu't saring programang binuksan ng UCF ngayong taon.

Sama-sama nating abangan ang kapana-panabik na palabas na ito at sabay-sabay nating balik-tanawin ang kabutihan ng Panginoon sa panambahan ng UCF sa taong 2022. Purihin ang Panginoon sa isang taon ng Kaniyang kabutihan at katapatan sa panambahan ng UCF!

## Script reading

Bago sumalang sa *shooting*, nagkakaroon muna ng pagkakataon ang mga artista ng UCF na basahin ang iskrip ng naturang eksena. Ang Balik Tanaw 2022 ay nahahati sa apat na *quarter* na tatalakay at maghahatid ng iba't ibang kaganapan sa buong taon. Ang lahat ay napapaalalahanan din ng katapatan at kabutihan ng Diyos.





*Sa pangunguna ni Multimedia Department Head Rev. Ryan Christian Tabay, nitong nakaraang linggo ay sinimulan ang shooting para sa Balik Tanaw 2022.*



## Video shoot

Ang mga *covenant member* at *covenant worker* ay buong-pusong nakibahagi para sa pagbuo ng espesyal na palabas na ito. Kanilang ipinakita ang kanilang galing sa pag-arte at kasabay din nito ang pagganap nila sa gawaing makakapagbigay luwalhati sa Panginoon dahil sa Kaniyang pagkilos at paggabay sa bawat isa sa buong taon.







*Harap man o likod ng kamera ang naiatas na gawain, buong husay na ginanapan ng lahat ng kabahagi ang kanilang mga responsibilidad nang may kagalakan sa puso.*

**PAANYAYA**

Mapapanood ang Balik Tanaw 2022 sa mga social media account ng United Christian Fellowship tulad ng YouTube at Facebook sa Enero 4, 2023 (Miyerkules).

**PSALM 9:1-2 (NKJV)**

**1 I will praise You, O Lord, with my whole heart; I will tell of all Your marvelous works. 2 I will be glad and rejoice in You; I will sing praise to Your name, O Most High.**

MT. TABOR UPDATE

# KALUGURAN SA PAGGANAP SA GAWAIN

Dalawang taon na ang nagdaan mula noong umpisahan muli ang malaking pagsasaayos sa UCF Mt. Tabor *Church Re-Creation Center* nitong pandemya. Dalawang taon na ang nakalipas at hanggang ngayon ay mas nag-aalab pa ang mga manggagawa na gumanap sa pang-araw-araw na gawaing makatutulong sa pag-usbong ng lupang kaloob ng Diyos sa panambahan.

Sa kabuuang linggo, samu't-saring pag-aayos ng estruktura at pag-aalaga sa mga kapaligiran ang ginawa ng mga boluntaryo at mga *in-house trainee worker* sa Mt. Tabor na siguradong kapanapanabik na makikita at magagamit ng mga bibisita at ng mismong kapatiran. Nang nakaraang linggo hanggang ngayon ay nagpatuloy ang pagtatayo ng mga bagong pasilidad na maaaring magamit ng mga taong dadalo rito. Ang Mt. Tabor *Farm* naman ngayon ay mas lalong pinaganda ng mga manggagawa at pinananatiling maayos at malinis para ang mga hayop at halaman ay mamuhay nang malusog at patuloy pang yumabong.

Sa bawat linggo at buwan ay patuloy na nagsusumikap ang bawat isang tumutugon sa Kaniyang tawag ng paglilingkod. Dahil sa lakas at tibay na ibinibigay ng Diyos ay patuloy ang Kaniyang mga anak na nagiging kagamit-gamit pa sa Kaniyang ubasan. Ang lahat ng papuri at luwalhati ay sa Diyos lamang nararapat!

## Gazebo

Ngayong Disyembre ay natapos nang isaayos ang *gazebo*. Ito ngayon ay nilagyan ito ng mga ilaw upang maging disenyo at liwanag na magpapaganda sa paligid tuwing pagsapit ng gabi. Sa kasalukuyan naman ay ginagawa ang banyo at *cabin* sa ibaba nito upang mas magamit pa ang espasyo na natira.



## Mga mini hotel cabin

Ang mga bagong itinatayong *cabin* naman na matatagpuan din katabi ng nagawang *gazebo* ay patuloy na ginagawa ng mga kalalakihan para ihanda sa mga paparating na bisita sa Mt. Tabor.





## Greenhouse

Ang mga pananim sa *greenhouse* ay patuloy na pinangangalagaan ng mga *in-house trainee worker*. Araw-araw ay dinidiligan nila ang mga ito upang mapanatili ang magandang pagtubo at pagyabong ng mga halaman at magkaroon ng malulusog na bunga.








### UCF MT. TABOR FACEBOOK PAGE

BISITAHIN ANG FACEBOOK PAGE NG UCF MT. TABOR PARA SA IBA PANG KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PASILIDAD AT MGA AKTIBIDAD NA MAAARING IDAOS SA LUGAR.

**PSALM 7:17 (NKJV)**

**I will praise the Lord according to His righteousness,**
**And will sing praise to the name of the Lord Most High.**

# WHY READ THE BOOK OF MALACHI?




The Book of Malachi is the last book of the Old Testament. Malachi spoke of judgment to a Judean audience that were accustomed to attending temple service in Jerusalem (2:11). Judah's people were under judgment and in need of salvation because they had abandoned the Lord's legitimate worship.

It offers an insight in the minds of the Israelites, who were descendants of Abraham and heirs to the long Jewish history. They were part of a country that had been specifically chosen by God. With Israel's history, the people could witness the benefits of faithfulness and the consequences connected with judgment, even to the point of being uprooted from their land. In spite of everything, the book of Malachi shows us that they continued to wander off the Lord's path.

Judah's exile from the Promised Land began in 605 BC, and it ended with their return from Babylon seventy years later. They had been back in the land for over a century by the time of Malachi, and they were searching for the blessings they had anticipated receiving upon their return. When Malachi arrived, people were having trouble accepting that God loved them (Malachi 1:2). The people refused to take responsibility for their own bad actions and instead concentrated on their unfortunate situation. God countered them and revealed to the people through Malachi how they had violated their commitment with Him. They needed to accept responsibility for their own acts and serve God faithfully in accordance with the pledge their fathers had made to God on Mount Sinai all those years earlier if they wanted to see any changes.




***Note:*** *Registration fee includes accommodation, food, and shirt. Register your family to Sis. Karen Mohammad. For more details, kindly approach Bible Race Program Coordinator Sis. Merryll Lhorvin Santos.*

**SHARE HIS WORD**



For UCF updates, prayer requests, testimonies, live broadcasts, and replay of church services and gatherings, follow us on our social media accounts.

Facebook @UCFOfficial
Instagram @UCF_Official
Twitter @UCFOfficial1
YouTube @UCFOfficial

Please follow health and safety protocols during on-site services.




**WEEKLY SCHEDULE**

**BIBLE STUDY ON THE AIR**
with Rev. Dr. William Sy
Wednesdays at 7:00 PM

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
Sundays at 9:00 AM

**DAILY PRAYER**
5:00 PM

**UCF GROUP OF MINISTRIES**

**CONTACT US**

**UCF WORSHIP CENTER**
#17 Highlight St., Area 4,
Fourth Estate Subd., Parañaque City

**TELEPHONE**
8429-8325